



Malusog na Paaralan: Mga payo para sa mga magulang

Inilathala ng Laban sa droga Edukasyong Bahagi ng Kawanihan ng Edukasyon <http://www.edb.gov.hk/antidrugforparents> Hulyo 2014 (Ika 3 Isyu)

Pagtaas ng bilang ng mga kabataan na may kinalaman sa pagtatrapiko ng droga

Sa oras na ang bakasyon sa tag-araw ay nagsimula na, masidhi naming iminumungkahi sa mga magulang na ipagpatuloy ang pag aalaga sa kanilang mga anak dahil ang mga masasamang tao ay laging gumamit ng iba't ibang mga pamamaraan upang maka akit ng mga kabataan sa pagkuha, paggamit ng mga bawal na gamot o paglahok sa pagtatrapiko sa mga bawal na gamot tuwing bakasyon sa paaralan. Upang maiwasan na ang inyong mga anak sa pagiging apektado ng masamang mga gawain para sa pangangatawan, ang mga magulang ay dapat maka isip at gumawa ng mga paraan upang mahusay na magamit ang bakasyon sa tag-araw, tulad ng pagsali sa mga malulusog at makaka buting mga aktibidad para sa kanila.

Ayon sa Rehistrong Sentral ng Pang-aabuso sa Droga, ang kabuuang bilang ng mga iniulat na umabuso sa gamot sa unang bahagi ng taong 2014 ay 13% na mas mababa kaysa sa parehong panahon ng taong 2013. Gayunpaman, mula sa pinakabagong impormasyon galing sa Hong Kong Police ipinakita na ang bilang ng mga bata, na may edad na 10-15, na inaresto dahil sa pagtatrapiko ng pinag babawal na mga gamot, ay tumaas mula 52 noong 2012 at 95 noong 2013, na kumakatawan sa pagtaas ng 82%. Maraming mga kabataan ay nalililang ng mga nag oopera ng droga, na sa pagiging nasa edad na 16, ang mga ito ay dapat may mas mababang mga legal na pananagutan para sa pagtatrapiko ng bawal na gamot o pag-abuso sa droga kaysa sa mga matatanda. Akala nila, ilalagay lamang sa ilalim ng probasyon sa pangangasiwa ng opisyal sa probasyon, sa halip na masentensiyahan ng pagkabilanggo. Ngunit ayun sa katotohanan, na alinsunod sa batas ng Hong Kong, ang isang tao na nagkasala ng pagkakasalang pagtatrapiko ng droga ay mananagot sa hatol ng multang \$ 5,000,000 at pagkabilanggo ng habambuhay. Samakatuwid, upang maiwasan ang pagbibigay ng pagkakataon sa mga nagdadala ng bawal na gamot, ang mga magulang ay dapat na bigyang-pansin ang pag-uugali ng kanilang mga anak, magbigay ng patnubay at magbahagi ng positibong bagay sa kanila.

Isang kaso sa hukuman ng isang batang lalaki na may edad 16 taon pababa na natagpuang nagkasala ng pagtatrapiko sa 1.45kg ng Ketamine

Pangalan: Ming (alyas)

Edad: 15

Kasariaan: Lalake

Kaso:
Pagtatrapiko ng pinagbabawal na gamot (1.45 kg of ketamine)

Hatol:
8.5 taong pagkaka bilanggo



Si Ming ay nilapitan ng kanyang "bagong kaibigan" na nagtanong kung nais niyang kumita ng pera sa pamamagitan ng paghahatid ng ilang mga mahalagang mga tsa, kung saan siya ay babayaran ng \$ 1,500. Tinanggap niya ang alok at kaagad na nabigyan sya ng bayad. Si Ming at ang kanyang "bagong kaibigan" ay nakolekta ng dalawang bag sa ilalim ng isang trapikong cone sa loob ng isang subway sa Sheung Shui. Siya ay sinabihang hawakan ang isa sa mga bag at ibigay ito sa isang tao. Sila ay naharang ng mga opisyal na naka simpleng pananamit sa Departamento ng Kustoms at Excise. Ang kanilang mga bag ay hinalungkat, kung saan 1.45 kg ng ketamine ay natagpuan. Si Ming ay 15 lamang nung sya ay hulihin. Ayon sa mga alituntunin ng pagsentensiya mula sa Hukuman sa Pag-apila, ang pagtatrapiko ng higit sa 1 kg ng ketamine ay masentensiyahan ng 14 taon pataas. Dahil si Ming ay umaming nagkasala, siya ay nasentensiyahan sa 8.5 na taon ng pagkabilanggo.

Pinagmulan: Pahina sa web ng Mataas na Korte ng Hong Kong Ispesyal na Administratibong Rehiyon

* 此内容不提供中文版本

* Walang Tsinong bersyon ay naibigay sa parting ito

Pinakamabigat na Hatol ng Lehislasyon Kaugnay sa Droga

Aktibidad	Multa	Pagkakakulong
Pagtataglay o paggamit ng bawal na gamot	HK \$1,000,000	7 Taon
Pagtatrapiko sa droga	HK \$5,000,000	Habambuhay na Pagkaka bilanggo
Paggawa ng mapanganib na mga bawal na gamot	HK \$5,000,000	Habambuhay na Pagkaka bilanggo
Pagkakaroon ng pipa at kagamitan, atbp para sa paggamit ng mga bawal na gamot	HK \$10,000	3 Taon




Pinakabagong sitwasyon ng mga kabataan ang pag-abuso sa droga

Pinagmulan: Sentral na Rehistro ng Pag buso sa Droga, Narcotiks na Sangay ng Kawanihan ng Seguridad


(Istatistika para sa unang bahagi ng 2014)

Lokalidad ng inaabuso bawal nagamot para sa mga umaabuso sa gamot may edad na 21 pababa





- Isiniwalat ng istatistika ang lumalaking pagkahilig sa nakatagong pag-abuso sa droga. Karamihan sa mga batang umaabuso sa droga ay piniling gumamit ng gamot sa bahay
- Ang oras ng pag-abuso sa gamot mula sa mga bagong na iniulat na gumagamit ay tumaas mula sa 1.9 noong 2008 at 5.3 sa unang bahagi ng 2014


Iniulat na umabuso sa gamot na may edad na 21 pababa sa pamamagitan ng distrito ng paninirahan



Mga karaniwang uri ng pang-aabuso sa



Dahilan para sa pag-abuso ng



Gitnang edad na unang pag-abuso ng droga

Lalake	15 taong gulang
Babae	14 taong gulang



Mga Kontra-Drogang payong pang edukasyon para sa mga magulang

Ang mga magulang ay dapat magbigay ng patnubay at humingi ng tulong mula sa mga propesyonal sa nasa oras kung mapansin nila ang mga sumusunod na mga palatandaan / pag-uugali sa kanilang mga anak:

- ◆ Hindi maipaliwanag napagliban mula sa paaralan at napag iiwanan sa akademya
- ◆ Paglalagi sa labas ng gabi na madalas, matagal o madalas na pagkawala sa bahay
- ◆ Paulit-ulit na paghingi ng higit pang perang panggastos o pagkawala ng mahalalagang gamit sa bahay
- ◆ Paglalagi sa kanilang kwarto / banyo sa hindi karaniwang habang ng oras o paglayo mula sa iba pang mga miyembro ng pamilya
- ◆ Biglaang mga pagbabago ng loob, hindi pangkaraniwang katuwaan, mahinang memorya, pandinig at biswal na mga guni-guni, pagkabalisa at wala sa ayos na pagtulog
- ◆ Pagkawala ng gana sa pagkain, pagkapagod, bulul sa pagsasalita, mabagal ang tugon
- ◆ Ang kanilang mga kaibigan ay lumilitaw na palihim na makipag-usap at sumasagot ng madalian
- ◆ Hindi kanais-nais na amoy ng katawan
- ◆ Pagkakaroon ng tabletas at pulbos mula sa hindi kilalang pinagmulan, mga gamit na pang-droga tulad ng bote ng syrup sa ubo, foil, plastic na bote o karton ng inumin na may dalawang straws, kakaibang maikling straws, atbp



MANATILING KALMADO kung malaman mong ang iyong mga anak ay gumagamit ng mga bawal na gamot

Iwasan ang pagpuna, makinig muna sa kanila at humingi ng tulong mula sa mga propesyonal



Gaano ang iyong kaalaman tungkol sa mga bawal



na gamot

Ang sumusunod na dalawang bagay: isang packet ng tisyu at banknotes na mukhang karaniwan, ngunit sa katunayan sila ay may kaugnayan sa mga bawal na gamot.



Unang larawan



Pangalawang larawan

Unang larawan :

Ang ilang mga umaabuso sa bawal na gamot maaaring ibabad ang tissue sa may organikong panunaw upang maaari nilang singhutin ang singaw sa tuwing kailangan nila ito ng hindi natutuklasan agad.

Pangalawang larawan :

Mga Droga (halimbawa: ketamine) ay nakabalot sa banknotes. Ginagawa itong mas madaling dalhin at maaaring gawing mas madali ang transaksyon.

PagHINGI NG



<p>186 186 Laban sa Droga Teleponong Pagtatanong na Serbisyo</p>	<p>24-oras na laban sa drogang hotline na pinanganga siwaan ng mga propesyonal na mga social workers. Ito ay isang channel para sa mga umaabuso sa gamot ng ang kanilang mga magulang ay makahingi ng tulong.</p>
<p>98 186 186 Laban sa Droga Teleponong Pagtatanong na Serbisyo sa pamamagitan ng agarang menshe na plataporma - WhatsApp, WeChat</p>	<p>Maaari mong gamitin ang dalawang mga application sa inyong mobile phone upang magpadala ng mensahe sa "98 186 186". Ang serbisyo ay pinatatakbo ng mga propesyonal na mga social workers upang magbigay ng payo at tulong.</p>

11 Counselling Center para sa Psychotropic sa umaabusong gumagamit ng gamot

Tung Wah Group of Hospitals - CROSS Centre

Central Western, Southern and Islands Office (Central Western, Southern and Islands districts) Tel. : 2884 0282

Eastern and Wanchai Office (Eastern and Wan Chai districts) Tel. : 2884 0282

Hong Kong Lutheran Social Service

Evergreen Lutheran Centre (Kwun Tong district) Tel. : 2712 0097

Rainbow Lutheran Centre (Wong Tai Sin and Sai Kung districts) Tel. : 2330 8004

Cheer Lutheran Centre (Tai Po and North districts) Tel. : 2660 0400

Hong Kong Christian Service

PS33 - Tsimshatsui Centre (Kowloon City and Yau Tsim Mong districts) Tel. : 2368 8269

PS33 - Sham Shui Po Centre (Sham Shui Po district) Tel. : 3572 0673

Hong Kong Children and Youth Services Sane Centre (Tsuen Wan and Kwai Tsing districts) Tel. : 2402 1010

Caritas HUGS Centre (Tuen Mun district) Tel. : 2453 7030

Evangelical Lutheran Church Hong Kong, Enlighten Centre (Yuen Long district) Tel. : 2446 9226

Hong Kong Sheng Kung Hui Welfare Council Neo-Horizon (Sha Tin district) Tel. : 8202 1313



Para sa web na version, paki browse ang the Malusog na Patakaran para sa Eskwelahan na pahina sa web, Kawanihan ng Edukasyon <http://www.edb.gov.hk/antidrugforparents>